# Mga Kuwento ng Tabing: Ang Cybora Bilang Espasyo ng Pagtanggap at Abuso ng mga Trans Pinay (*Stories of the Screen: The Cybora as Space of Acceptance and Abuse of Trans Pinays*)

**Malaya Lapiña**

**Abstrak**

Mayroong puwang sa pag-aaral tungkol sa prostitusyon kapwa sa porma at sa mga indibidwal sa loob nito. Layunin ng pag-aaral na ito na punan ang puwang sa talakayan tungkol sa prostitusyon sa pamamagitan ng pagtalakay sa danas ng mga trans Pinay sa loob ng cybora o *cybersex prostitution* gamit ang mga sumusunod na katanungan: (1) Paano hinaharaya ng mga trans Pinay ang kanilang mga sarili sa loob ng cybora o *cybersex prostitution*? at (2) Paano tinitingnan ng mga trans Pinay ang cybora o *cybersex prostitution* bilang espasyong kanilang ginagalawan? Sa pamamagitan ng *semi-structured* na mga panayam at *thematic analysis* umusbong ang tatlong tema. Para sa mga trans Pinay na nasa cybora, ang espasyong ito ay espasyo ng pagtanggap, espasyo ng abuso, at espasyo ng buhay. Naging tulay rin sa pagdalumat sa mga datos ang konsepto ng *spatial triad* (*production of space*) ni Henri Lefebvre. Para sa mga trans Pinay na nasa loob ng cybora, isang masalimuot at buhol-buhol na paglalakbay ang kanilang danas na bunga ng iba't ibang karanasan ng pagtanggap at abuso – ito ang humubog sa kanilang buhay sa kasalukuyan.

*Mga Susing Salita: Trans Pinay, prostitusyon, cybersex prostitution, spatial triad, trans studies*

**Abstract**

There is a gap in the studies concerning prostitution both in its form and about the individuals within it. This paper aims to address the gap in the discussion about prostitution by discussing the lived experiences of trans Pinays inside the cybora or *cybersex prostitution* using the following questions: (1) How do the trans Pinays imagine themselves inside the cybora or *cybersex prostitution*? and (2) How do the trans Pinays view the cybora or *cybersex prostitution* as a place of life? Using semi-structured interviews and thematic analysis three themes were observed. For the trans Pinays inside the cybora, this space for them is space for acceptance, space of abuse, and space of life. Henri Lefebvre's concept of spatial triad (production of space) was also used in analyzing the data. For the trans Pinays inside the cybora, their lived experiences are a journey of complexities and intricacies brought by their experiences of acceptance and abuse – this shaped their present lives.

*Keywords: Trans Pinay, prostitusyon, cybersex prostitution, spatial triad, trans studies*

## Panimula

Taong 2016, noong ako ay nasa *senior high school* ko unang narinig ang mga kuwento tungkol sa cybora o *cybersex prostitution* (maaari ring *cybersex den*). Madalas itong nagiging paksa sa mga pag-uusap namin ng mga kaibigan at kakilalang trans Pinay sa Lungsod ng Davao, ibinabahagi nila ang kanilang mga karanasan sa loob nito – parehong ang masaya at mapait na danas. Bilang isang indibidwal na kinikilala rin ang sarili bilang isang babaeng trans, may mga hibla sa kanilang kuwento na nagdurugtong sa sarili ko ring mga danas. Sa mga kuwento, karaniwang tuon ay kung paano nakatutulong ang cybora bilang espasyo ng trabaho sa kanilang pinansyal na

pangangailangan at kung paanong ito ang nagiging dahilan upang kahit papaano ay matustusan ang kanilang mga pang-araw-araw na buhay. Sa gitna nito, may mga sumusulpot na kuwento tungkol sa hirap at hamon sa loob ng cybora. Mga kuwentong hindi nabibigyan ng tuon dahil agad na natatabunan ng tawanan at mga biro, marahil paraan upang hindi masyadong maramdaman ang pagod at panghinaan ng loob. 2021 na noong muli kong nabalikan ang mga kuwento ng cybora. Panahon ito ng paghahanap ko ng maaaring gawing pananaliksik para sa di-gradwadong degree sa antropolohiya[1]. Bilang mayroon akong mga kakilala na nasa loob ng kalakarang ito, nangahas akong kausapin sila upang maging mga pangunahing kalahok sa ginagawa kong pananaliksik. Sa muling pagbalik ko sa mga kuwento, nag-alok ng tulong ang isang dating kaibigan – si Scarlet, isang baklang mayroong mga kaibigan at kakilala na nasa loob ng cybora.

Habang nasa loob ng taxi at binabagtas ang daan ng Davao patungo sa bahay ng unang trans Pinay na pumayag maging kalahok sa pag-aaral, naibahagi ni Scarlet na marami sa kanyang mga kakilalang trans Pinay na nasa kalakaran ng cybora ay sanay na sa mga panayam. Marami raw mga mag-aaral at mananaliksik ang mayroong interes sa buhay ng mga babaeng trans. Nilinaw ko ang sinabi niyang ito, "Ano ang interes nila? Ang mga kinabuhi (buhay) ng mga trans o ang trabaho nila sa cybora?" Malinaw rin ang kanyang naging sagot, "Ang kinabuhi (buhay) lang nila." Sa tagpong iyon napagtanto ko na tila mayroong kakulangan sa pagtalakay sa buhay ng mga trans Pinay sa loob ng mga kalakarang tulad ng cybora. Una nang sinabi ng sosyolohistang si Ronald Weitzer, na mayroong malaking puwang ang literaturang gumagalugad sa usapin ng prostitusyon, karamihan sa mga ito ay nakatuon sa mga tradisyonal na porma nito, tulad ng *brothel*, *street*, at *escort prostitution* at nakakaligtaan ang prostitusyong namamayani sa *cyber world* o *Internet* (Weitzer, 2005). Bukod pa rito, may puwang din sa pagtalakay tungkol sa katotohanan ng mga indibidwal na nasa loob ng prostitusyon lalo't higit ang tungkol sa mga babaeng trans. Tinawag ni Julieta Vartabedian (2019) na isang tila "paglimot" ang may malay na hindi pagbibigay tuon sa mga babaeng trans na nasa loob ng prostitusyon.

Mayroon mang mga pag-aaral na pumapaksa sa danas ng mga babaeng trans sa prostitusyon, tulad na lamang ng mga pag-aaral nina Zoli et al. (2021), Nuttbrock (2018), O'Neill at Campbell (2006), Fletcher (2013), Wolfe (2018), at Lyons et al. (2017), nakatuon lang din ang mga ito sa mga tradisyonal na porma ng prostitusyon, partikular ang prostitusyong nangyayari sa kalsada o *street prostitution* (Weitzer, 2005). Salat pa rin ang pagtalakay tungkol sa prostitusyon sa *Internet* o *cybersex*, liban na lamang sa mga pag-aaral nina Vartabedian (2019), at Chib, Nguyen, at Lin (2021). Ngunit, kung titingnan ang datos at dulog ng mga nabanggit na pag-aaral, hayag na makikita na mula at tungo sa Kanluran ang mga ito. Masasabi man na mayroong tila pag-usbong ng literatura sa usapin ng mga trans na indibidwal sa prostitusyon, may kakulangan pa rin sa tuon lalo na sa pagpapalitaw sa mga katotohanan ng mga trans sa Asya partikular sa Pilipinas. Pahapyaw lamang na tinalakay sa papel nina Winter, Sasot, at King (2007), C. Joy Cruz, Charlese Saballe and Brenda Alegre (2015), at Zachary Frial (2018) ang usaping ito sa loob ng mas malawak na danas ng mga trans sa Pilipinas. At ang panimulang pag-aaral lamang nina Elinor May Cruz at Tricia Joyce Sajo (2015) sa penomena ng *cybersex* sa Pilipinas ang unang bumanggit sa sitwasyon ng mga trans sa loob ng prostitusyong nangyayari sa Internet, bagaman at pahapyaw din lamang. Sa mga literaturang ito, ipinipinta ang imahen ng mga babaeng trans na nasa kalakaran bilang mga biktima at mga pasibong karakter na walang-tutol na pumapasok sa ganitong kalakaran. Isa ang pagpipintang ito bilang "biktimang walang malay" sa madalas na nakakaligtaan kapag napag-uusapan ang isyu ng prostitusyon sa Pilipinas (Paramanand, 2019; 2021).

Kung susumahin, hayag na makikita na mayroong malaking puwang sa usapin ng mga trans sa loob ng prostitusyon sa Pilipinas. Unang puwang ay ang kakulangan ng mga literatura at pag-aaral na tumatalakay rito. Pangalawa ay ang kawalan ng pagtalakay sa prostitusyong nagaganap sa Internet. At ang pangatlo ay ang pagpinta sa mga trans na nasa kalakaran ng prostitusyon bilang mga pasibong aktor. Ang

tatlong puwang na nabanggit ang nais punan ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan: (1) Paano hinaharaya ng mga trans Pinay ang kanilang mga sarili sa loob ng cybora o *cybersex prostitution*? at (2) Paano tinitingnan ng mga trans Pinay ang cybora o *cybersex prostitution* bilang espasyong kanilang ginagalawan? Gayunpaman, gusto ko lamang linawin na hindi layunin ng papel na ito na dalumatin ang Internet bilang espasyo, sa halip, pinapalagay na ang cybora o *cybersex prostitution* bagaman ay nangyayari sa Internet ay mayroon pa ring pisikal na espasyong inuukupa. Upang malatag ang pagtalakay sa cybora bilang espasyo, gagamitin ng pag-aaral ang konsepto ng *spatial triad* ni Henri Lefebvre – *representations of space* (*conceived space*), *spatial practice* (*perceived space*), at *representational space* (*lived space*), lalo't ang koneksyon at interaksyon ng tatlong ito ang siyang lumilikha ng pangkalahatang kahulugan sa espasyo. Mulat ako na hindi ginagamit ang pagdalumat na ito sa espasyo sa mga pagtalakay na may kaugnayan sa danas ng mga trans, ngunit naniniwala ako na pagkakataon din ito upang masukat ang hangganan ng pagdalumat na ito ni Lefebvre lalo na sa mga usaping may kinalaman sa kasarian at seksuwalidad. Sa ganang ito, nais ng papel na magbigay ng bagong pihit sa pagtalakay sa trans na espasyo na may diin sa paggamit ng etnograpikal na mga datos.

Bago talakayin ang mga datos, bibigyang pagtalakay muna sa susunod na mga bahagi ang sitwasyon ng mga trans Pinay sa Pilipinas lalo na sa usapin ng trabaho, tatalakayin din ang penomenang tinatawag ng papel na cybora, at kung paano ilalapat ang konsepto ng *spatial triad* ni Lefebvre sa pag-aaral.

## Paraan ng Pananaliksik

Matagal ko nang naririnig ang tungkol sa cybora ngunit ang aking interes na pag-aralan ito at ang danas ng mga indibidwal sa loob nito ay nagsimula lamang noong ginagawa ko ang aking di-gradwadong tesis. Nakatulong ang aking pagiging trans Pinay sa paghahanap ko ng mga maaaring kalahok sa pag-aaral na ito. Naging mas madali ang aking pagkonekta sa kanila at

naging daan ito upang kahit papaano ay maintindihan ko ang kanilang mga kuwento sa personal na antas. Nagsimula ang aking pananaliksik noong Enero 2022 at nagtapos noong Hunyo 2022, anim na buwan akong pababalik-balik sa mga trans Pinay na pumayag maging kalahok sa pag-aaral na ito. Sa loob ng anim na buwan, nakasalamuha ko sila at narinig ko ang kanilang mga kuwento.

Itinuturing ko ang papel na ito bilang isang etnograpikal na pananaliksik, lalo't ito ay mula sa aking tesis sa kursong antropolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanao. Sinusunod ng pag-aaral na ito ang penomenolohikal na paraan ng pananaliksik. Ang mga datos ay bunga ng mga serye ng *in-depth* at *semi-structured* na mga panayam mula sa mga trans Pinay sa Lungsod ng Davao na nasa kalakaran ng cybora sa pamamagitan ng *purposive sampling* bilang metodo sa paghahanap ng kalahok. Angkop ang pamamaraan sa pananaliksik na ginamit sa kadahilanang wala pang mga pagtalakay tungkol sa penomenang pinag-aaralan. Dagdag pa, ang pamamaraang ito ay naglalayong alamin, talakayin, at intindihin ang kahulugan ng danas base sa kung paano ito binibigyang malay ng mga taong bahagi ng pag-aaral (Donalek, 2004). Dahil sensitibo ang paksa ng pag-aaral, hindi tunay na mga pangalan ng mga kalahok ang ginamit sa pagtalakay. Ngunit, dahil mahalaga sa mga trans Pinay ang kanilang mga pangalan sa usapin ng identidad, sila ang pumili ng mga alyas na gagamitin ko para ikubli ang kanilang mga pagkakakilanlan. Ang bawat kalahok ay binigyan ng *information sheet* na nagpapaliwanag sa mga layunin ng pananaliksik. Ipinaliwanag din kung paano gagamitin ang mga impormasyon na kanilang ibinahagi. Matapos ito, ibinigay sa mga kalahok ang isang *informed consent form* na nagsasaad ng mga potensyal na panganib at mga benepisyo ng kanilang paglahok sa pag-aaral. Binigyang diin din na ang kanilang paglahok ay boluntaryo at mananatiling kompidensyal at pribado ang kanilang pagkakakilanlan.

Ang pagiging sensitibo rin ng paksang pinag-aaralan ang dahilan kung bakit kaunti lamang ang mga trans Pinay na piniling lumahok sa pag-aaral. Ang mga datos ay mula sa

dalawang trans Pinay na sina Maxine, tatlumpong taong gulang, at Miggy, dalawampu't dalawang taong gulang. Si Maxine ay anim na taon na sa kalakaran ng cybora, samantalang si Miggy ay apat na taon pa lamang sa nasabing kalakaran. Bahagi rin ng pinagkunan ko ng datos ang mga pahayag ni Scarlet, na mayroong mga kaibigan sa loob ng cybora. Si Scarlet ang naging tulay ko upang makausap ang mga trans Pinay na kalahok ng pag-aaral na ito. Siya rin ang naging gabay ko sa pagpunta sa mga cybora. Ang mga panayam sa dalawang pangunahing kalahok at kay Scarlet ay ini-record at itinala. Ginamit ang *thematic analysis* bilang paraan ng paghimay at pagsuri sa mga datos. Dahil ito ay isang panimulang pag-aaral at dahil din sa limitadong datos, malay ako na hindi magagamit ang pagtalakay ng pag-aaral na ito upang bigyan ng isang pangkalahatang pagsuri ang danas ng lahat ng mga trans Pinay na nasa cybora o maging sa kalakaran ng prostitusyon sa kalakhan. Gayunpaman, ipinapakita ng pag-aaral na ito ang katotohanan ng ilang mga trans Pinay na nasa kalakaran ng cybora. Malay rin ako bilang isang mananaliksik na ang aking posisyon bilang isang trans Pinay ay nagbigay sa akin ng isang pambirihang pagkakataon upang tingnan ang danas na ito ng mga kapwa ko trans Pinay sa parehong loob at labas na perspektiba.

## Trans Pinay, Trabaho, at ang Espasyo

*"Wala lang talaga akong ibang pagpipilian."* Ganyan inilarawan sa akin ng isang kakilalang trans Pinay ang pagpasok niya sa cybora. Hindi bago ang ganitong mga kuwento tungkol sa kawalan ng oportunidad para sa mga babaeng trans sa Pilipinas, sa katunayan, ayon kina Winter at King (2011), dahil natutulak sa laylayan ng lipunan ang mga trans na indibidwal dulot ng diskriminasyon at hindi pantay na oportunidad, napipilitan ang mga ito na pumasok sa iilang mga trabaho na tumatanggap sa kanila at sa mga industriyang tinitingnan ng lipunan bilang "para sa kanila," kabilang na rito ang Business Process Outsourcing o call center (David, 2015), salon, entertainment, at beauty industry (Tan, 2001). Noong 2014, iniulat din ng United Nations Development Program (Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report) ang kaparehong sitwasyon ng mga

trans sa Pilipinas. Ayon sa ulat, napipilitan ang mga trans na indibidwal na pumasok sa kahit anumang trabahong tumatanggap sa kanila kahit pa mapang-abuso ito o hindi nagbibigay ng angkop na sahod at benepisyo (UNDP at USAID, 2014). Karaniwang tugtugin din na tinatanggihan ang mga trans Pinay sa trabaho dahil sa kanilang kasarian at identidad o tinatanggal dahil dito (Cruz, Saballe, at Alegre, 2015). Dagdag pa, ang kakulangan ding ito sa oportunidad ang nagtutulak sa mga trans Pinay na pasukin ang mga trabahong sakop ng impormal na sektor tulad ng prostitusyon, halimbawa ang cybora (Cruz, Saballe, at Alegre, 2015; Winter, Sasot, at King, 2007).

Ang cybora ay isang neologismo sa salitang *cybersex*, ginagamit ng mga trans Pinay ang terminong ito upang hindi maintindihan o hindi malaman ng ibang tao ang kanilang pinag-uusapan. Sa katunayan, palagiang nagbabago ang kanilang tawag sa *cybersex* o sa *cybersex prostitution*. *Maxwell*, *larangan*, at *kwentuhan* ang ilan sa mga ito. Sa papel na ito, ginamit ko ang terminong cybora dahil ito ang madalas nilang ginagamit. Ang *cybersex* ay ang paggamit sa Internet bilang tulay upang tugunan ang mga seksuwal na pangangailangan sa pamamagitan ng mga malalaswang mensahe, litrato, o bidyo (Daneback, Cooper, at Mansson, 2005). Sa Pilipinas, hindi bago ang paggamit sa Internet bilang kasangkapan sa prostitusyon. Sa katunayan, ang *cybersex prostitution* ang isa sa mga dahilan kung bakit naisabatas ang Cybercrime Prevention Act of 2012. Isa ang noo'y senador at "peminista" na si Loren Legarda sa nagsabing hindi katanggap-tanggap ang ganitong uri ng kalakaran, "lalo na sa isang bansang pinanday ng moralidad" (Cruz at Sajo, 2015). Dagdag pa, naniniwala si Legarda na apektado na ng *cybersex prostitution* ang pundasyon ng pamilyang Pilipino. Dahilan ito kung bakit ganoon na lamang ang pagnanais ng gobyerno ng Pilipinas na palakasin ang puwersa nito upang sugpuin ang naturang kalakaran (Cruz at Sajo, 2015).

Kahit na napag-uusapan ang *cybersex prostitution* nananatiling nakatuon ang diskurso tungkol dito sa danas ng mga kababaihan (cisgender) at kabataan. Hindi naisasama sa mga talakayan ang danas ng mga LGBTQIA+ na nasa

kalakarang ito, lalo na ang danas ng mga trans Pinay. Sa kasalukuyan, walang masinsin na pagtalakay tungkol sa buhay ng mga trans Pinay sa loob ng cybora o *cybersex prostitution* sa Pilipinas. Gayunpaman, ayon sa mga kalahok ng pag-aaral na ito, tinitingnan nila ang cybora bilang ang "mas ligtas" na uri ng prostitusyon. Ganito rin kung ilarawan ng mga babaeng trans mula sa Singapore ang parehong kalakaran. Sa librong *They Only Do This to Transgender Girls* ng Project X (2015), ipinakita nila ang danas ng mga trans na nasa prostitusyon mula sa Singapore at ang panghahamak na kanilang hinaharap. Marami sa mga trans ang biktima ng pandarahas hindi lamang mula sa kanilang mga kostumer kung hindi maging sa mga puwersa ng estado. Sa Singapore, ipinagbabawal ang prostitusyon, ngunit mas mahigpit ang batas at mas mataas ang kaso ng pang-aabuso sa mga trans kung ikukumpara sa mga cisgender na babae at lalaki na nasa parehong kalakaran. Sa kadahilanang ito, marami ang nahihikayat na pasukin ang industriya ng *cybersex prostitution*—sa pag-aakala na, sa loob ng espasyong ito, hindi na makararanas ng abuso at pananakit. Sinusugan ni Julieta Vartabedian (2019) ang pagtalakay na ito ng Project X (2015). Aniya hindi lamang dahil sa mas "ligtas" ang *cybersex* para sa mga trans ang siyang dahilan kung bakit nila pinipiling pumasok sa mga ito. Isang dahilan din ang pakiramdam na mas malaya silang bawiin ang kanilang mga sarili sa loob ng pormang ito ng prostitusyon. Ganito rin ilarawan ng mga kalahok sa pag-aaral nina Elinor May Cruz at Trina Joyce Sajo (2015) ang *cybersex* sa Pilipinas–isang paraan upang kahit papaano ay umangat ang ikinabubuhay ng mga indibidwal na nasa loob nito. Tinitingnan din ito bilang isang "mabuting uri ng prostitusyon" dahil sa kawalan ng pisikal na interaksyon.

Sa papel na ito, tinitingnan ko ang cybora bilang isang uri ng trabaho para sa mga trans Pinay. Ang pakahulugan ko sa trabaho ay hindi mula sa Kanluraning pakahulugan sa "sex work" kung hindi ay mula sa kung paano ipinapaliwanag ng mga trans Pinay na kalahok sa pag-aaral ang cybora, ayon sa kanila, ito ay isang "kalakaran." Ito ay isang lugar ng pagkakakitaan, isang paraan lamang upang kumita sila ng pera. Malay ako sa usapin at nag-uumpugang diskurso tungkol sa prostitusyon sa Pilipinas. Ayon sa mga peminista sa bansa,

hindi dapat ituring na trabaho ang prostitusyon dahil sa mapang-api at mapagsamantalang katangian nito (Roces, 2009). Dagdag pa, hindi rin marapat na tawaging trabaho ang isang trabaho kung sapilitan at marahas ang pagpapagawa nito (Santos, 2001). Kaya isinusulong ang paggamit ng terminong "*prostituted women*" sa halip na "*sex worker*" upang bigyang diin ang pagiging biktima ng mga indibidwal na nasa loob ng kalakaran. Mahalagang sipatin sa bahaging ito na ang pagiging biktima ng mga nasa kalakaran ng prostitusyon ay hindi lamang bunga ng patriyarka at macho-pyudal na sistema kung hindi maging ng neoliberalismo at kahirapan sa bansa. Dahil sa mga salik na ito, hindi bahagi ng kanilang buhay ang pumili ng landas na tatahakin. Sa madaling sabi, dahil sila ay mga biktima ng sirkumstansyang labas sa kanilang sariling pagpapasya at kagustuhan, sapilitan ang pagpasok nila sa kalakarang ito (Roces, 2009).

Gayunpaman, ang diskursong ito sa mga termino ay mula sa danas ng mga cisgender na kababaihan at hindi kasama sa binigyang pagsaalang-alang sa pagdalumat sa termino ang danas ng mga babaeng trans. Kaya't maingat din ako sa pagpipinta sa kanila bilang mga biktima lalo't malay nilang pinili ang pagpasok sa cybora kahit na limitado (tulad ng mga cisgender na babae) ang kanilang pagpipilian (ipapaliwanag ko sa mga susunod na bahagi ang puntong ito). Inihiwalay ko ang danas ng trans Pinay sa prostitusyon sa danas ng mga cisgender na kababaihan upang bigyang diin na bagaman parehong nakararanas ng diskriminasyon dahil sa kanilang kasarian, mayroong ibang danas ang mga babaeng trans dala ng kanilang pagiging trans at pagiging labas sa binaryo. Isang konsiderasyon rin sa pagturing ko sa cybora bilang isang trabaho ang katotohanang marami sa mga trans Pinay na nasa loob nito ang nakadarama ng pagtanggap sa loob ng espasyo at dito rin nila nagagawang bawiin ang kanilang mga sarili (Vartabedian, 2019). Gayunpaman, binibigyang diin ko rin na hindi dahil tinuturing ng papel ang cybora bilang isang trabaho ay ipinagsasawalang bahala na rin nito ang danas ng pang-aabuso sa loob ng espasyo. Ang nais lamang ng pagturing sa cybora bilang trabaho ay palitawin na bagaman at sala-salabit ang mga danas sa loob nito, hindi pwedeng tanggalin ang

katotohanang may pagtanggap na nadarama ang mga indibidwal sa loob nito.

Para sa mga trans Pinay na kalahok ng pag-aaral na ito, ang cybora ay espasyo ng kanilang trabaho. Dahil dito, kailangan himayin kung ano nga ba ang espasyong ito para sa kanila at kung paano mailalapat ang konsepto ng espasyo ni Henri Lefebvre sa reyalidad nilang ito. Nailahad ko sa unang bahagi ng papel na ang cybora ay ang terminong ginagamit upang ipangtawag sa (1) kalakaran ng *cybersex prostitution*, (2) *cybersex den*, at (3) ang trabaho mismo. Sa madaling sabi, pinapakahulugan ng cybora ang espasyo kung saan nagaganap ang trabaho, ito ma'y nasa pisikal na mundo o sa Internet. Sa papel na ito, itinuturing ko ang cybora bilang ang espasyong ginagalawan ng mga trans Pinay na nasa loob ng kalakaran ng cybora sa tuwing sila ay nasa trabaho. Sa madaling sabi, lusaw ang pakahulugan ko sa cybora bilang isang espasyo, wala itong iisang mukha, hindi ito tiyak, at maaaring abstrak ang hangganan. Sa librong *The Production of Space* (1974) ni Lefebvre, inilatag niya ang kanyang konsepto ng 'spatial triad,' ayon sa kanya, may tatlong konektado at nagtutulungang ideya kung paano nabubuo ang isang espasyo sa lipunan at kung paano rin natin bibigyang pakahulugan ang isang espasyo. Binubuo ng *perceived space (spatial practice)*, *conceived space (representations of space)*, at *lived space (representational space)* ang 'spatial triad' na ito ni Lefebvre (1991). Pinapakahulugang ang *perceived space* ay ang ating pagdama at pag-intindi sa espasyo base sa ating paggalaw – parehong indibidwal at bilang lipunan – sa loob nito, kung paano natin ito nakikita. Bahagi ng ating pagdama sa espasyo ang mga kilos na ginagawa natin sa loob nito sa araw-araw at ang pagkilos natin sa loob nito ang nagbibigay mukha sa espasyo. Samantalang ang *conceived space* ay pinapakahulugan bilang ang ating pag-intindi sa espasyo base sa pisikalidad nito na nakakawing sa kung ano ang itinuro sa atin na layunin ng isang partikular na espasyo. Sinasabi ni Lefebvre na ang espasyong ito ay espasyong para sa mga may kapangyarihan at estado na siyang nagdidikta sa kung ano ang magiging mukha ng espasyo. Dahil ang *conceived space* ang pisikalidad ng espasyo ito rin ang mayroong kapangyarihang magdikta sa kung paano tayo gagalaw sa isang partikular na

espasyo, ngunit, sa ating pagdama lamang sa espasyo nagkakaroon ng kahulugan ang diktang ito. Panghuli, ang *lived space* ay kung paano tayo nabubuhay sa isang espasyo. Kung paano ginagamit ng indibidwal ang kanyang espasyo at paano niya ito hinuhubog upang maging "personal" o upang maging kapaki-pakinabang sa kanya. Sa madaling sabi, ang espasyong ito ay kinukwestiyon ang hegemoniko at burukratang pakahulugan sa espasyo—ito ang espasyong lunsaran ng pagtutol at pakikibaka (Lefebvre, 1991). Paano natin mailalapat ang konseptong ito ng espasyo sa pagturing ng mga trans Pinay sa cybora bilang espasyo? Para sa mga trans Pinay, nakikita nila ang cybora bilang isang espasyong nagbibigay sa kanila ng pagkakakitaan at pagtanggap. Ganito nila "dinarama" ang espasyong ito. Gayunpaman, para sa estado at batas, isang ilegal na espasyo ang cybora. Ang pagturing ng batas dito bilang isang "bawal na espasyo" ang nagiging dahilan kung bakit maingat na gumagalaw ang mga trans Pinay sa loob nito. Panghuli, ang cybora ay tinitingnan ng mga trans Pinay bilang espasyo ng buhay. Sa pakikipag-usap ko sa mga trans Pinay na nasa kalakaran ng cybora, nahinuha ko na para sa kanila tatlo ang mukha ng espasyong ito. Una, ito ay espasyo ng pagtanggap. Pangalawa, ito ay espasyo ng abuso. At panghuli, ito ay espasyo ng buhay. Ang tatlong mukhang ito ng cybora bilang espasyo ang nagdidikta sa kung paano namumuhay ang mga trans Pinay sa loob nito dala ang kanilang mga danas at mga katotohanan.

## Ang Cybora bilang Espasyo ng Pagtanggap

*"Noong mga panahon na wala akong mapasukan [trabaho], ito [cybora] lang ang tumanggap sa akin." – Maxine*

*"Dito [cybora] ko unang naramdaman na pwede pa lang hindi itago ang totoong ako." – Miggy*

Una kong nakapanayam si Maxine, isang trans Pinay na anim na taon na sa kalakaran ng cybora. Siya ay matagal ng kaibigan ni Scarlet kaya pumayag siya na maging kalahok sa aking pag-aaral. Pinuntahan namin ni Scarlet si Maxine sa kanyang bahay, halos isang oras ang layo mula sa sentrong bahagi ng Lungsod

ng Davao. Nakatira si Maxine sa isang *low-cost subdivision*, dalawang palapag ang kanyang bahay at may garahe kung saan nakaparada ang jeep na minamaneho ng kanyang kinakasama. Dito ko nakita ang katotohanang ikinabubuhay nga ng mga trans Pinay na kagaya niya ang pagpasok sa cybora.

Tinanong ko si Maxine kung bakit niya piniling pumasok sa cybora, matipid ngunit malaman ang kanyang naging sagot, *"Wala akong ibang pagpipilian dahil ito lang ang tumanggap sa akin."* Sa pagbabahagi niyang ito ay nahinuha ko na ang pagpasok niya sa cybora ay hindi lamang dahil sa pagnanais niyang kumita ng pera o para makatulong sa kaniyang pamilya, kung hindi dahil ito lamang ang espasyong kumanlong sa kaniya sa panahon ng pangangailangan. Bilang isang mananaliksik, sinubukan ko na hukayin ang kahulugan ng mga salitang binitawan ni Maxine. Ano ang kaniyang ibig sabihin sa, *"ito lang ang tumanggap sa akin?"* Dito niya isinalaysay ang mapait niyang karanasan sa loob ng kanilang bahay noong siya ay bata pa.

Lumaki sa isang payak na pamilya si Maxine, pagsasaka ang pinatustos ng kaniyang mga magulang sa kanilang magkakapatid. Pangalawa siya sa apat na magkakapatid. Bata pa lamang siya ay alam na niya sa kaniyang sarili na siya ay babae. *"Malamya na talaga akong kumilos kahit noong bata pa ako. Lahat ng mga kalaro ko ay mga babae rin"*, ganito niya ibinahagi ang kaniyang kabataan. Dahil din dito, naging biktima si Maxine ng pang-aabusong pisikal mula sa kaniyang ama. Tanda niya kung paanong araw-araw siya nakararanas ng pambubugbog mula rito o kung hindi kaya ay pinapalo ng sinturon o sanga ng kahoy. Minsan din siyang sinabihan na *"wala siyang kuwenta"* dahil sa kaniyang kasarian. Dahil sa mga danas niyang ito, malinaw kay Maxine na hindi siya tanggap ng kaniyang ama at wala siyang lugar sa kanilang bahay. Hindi siya tanggap sa isang espasyong dapat sana ay kaniyang tahanan. Ito ang dahilan kung bakit minabuti niyang umalis sa kanila at nakipagsapalaran sa Lungsod ng Davao.

Mapalad si Maxine na mayroong tumulong sa kaniya sa Davao. Tinulungan siya ng isang kakilala na makapag-aral sa

Technical Education and Skills Development Authority o TESDA at kumuha siya ng bokasyonal na kurso sa *bread and pastry*. Gayunpaman, hindi ito ang naging susi upang makahanap siya ng trabaho sa lungsod. Walang tumatanggap sa kaniya dahil sa kaniyang kasarian. Pagbabahagi niya, *"Noong nagsimula akong maghanap ng trabaho dito, hindi nila ako tinatanggap dahil nakapalda ako, mahaba ang buhok, naka make-up. Ewan kung bakit ganoon."* Dahil hindi pinalad na makapagtrabaho sa Davao, sinubukan ni Maxine na makipagsapalaran sa ibang bansa. Naging Overseas Filipino Worker (OFW) siya sa Abu Dhabi at namasukan bilang *salon attendant* doon. Nagtagal siya ng dalawang taon sa kaniyang trabaho bago umuwi sa Pilipinas. Dahil nakapag-ipon, pinagpatuloy niya ang kaniyang pag-*transition* at nagpa-*breast augmentation surgery* sa Thailand. Hindi niya lubos akalain na ang desisyon niyang ito ang magiging dahilan upang hindi na sa siya makabalik sa kaniyang trabaho sa Abu Dhabi. *"Tinawagan ako ng amo ko doon na hindi na ako pwedeng bumalik dahil may suso na raw ako. Naiintindihan ko naman ang desisyon niya. Mahirap na rin kung magpupumilit pa ako."* Dahil sa pangyayaring ito, napilitan siyang pumasok sa kalakaran ng cybora. Ito ang nag-iisang trabahong tumanggap sa kaniya.

Bukod pa rito, hindi lamang ang kasarian at seksuwalidad ni Maxine ang dahilan kung bakit hindi siya natatanggap sa mga trabaho, dagdag din dito ang antas ng kaniyang edukasyon. Hindi siya nakapagtapos sa kolehiyo, kahit natapos niya ang isang *vocational course*, malay si Maxine na hindi ito sapat na kwalipikasyon upang makakuha ng trabahong may nakabubuhay na sahod dito sa Pilipinas. Kagaya ni Maxine, marami sa naging kaibigan ni Scarlet ang napunta sa kalakaran ng prostitusyon dahil hindi natatanggap sa ibang trabaho. Sa mga trabaho namang bukas para sa mga babaeng trans, kinakailangan naman na may mataas na pinag-aralan upang makapasok sa mga ito. Kaya, kahit na ilegal sa batas ng Pilipinas ang prostitusyon tulad ng cybora ayon sa *Article 2* ng *Revised Penal Code at Republic Act 10158*, nagiging sandalan ito ng mga tulad ni Maxine at mga kaibigan ni Scarlet dahil ito lamang ang tumatanggap sa kanila. Ang diskriminasyon sa kasarian at lebel ng edukasyon ang nagtutulak mga trans Pinay para pumasok sa kalakaran ng cybora. Pagbabahagi ni Scarlet,

*"Siyempre, hindi rin sila nakapagtapos ng pag-aaral. Walang tumatanggap sa kanila na mga trabaho dahil kailangan na college graduate ka talaga. Sa cybora wala namang ganoong requirement."* Sa ganang ito, papasok ang katanungang bakit nga ba hindi nakapagtatapos ng pag-aaral ang ilang mga trans Pinay?

Nakapanayam ko si Miggy, dalawang linggo matapos ang pakikipag-usap ko kay Maxine. Matagal bago napapayag ni Scarlet si Miggy na maging kalahok sa aking pag-aaral. May mga agam-agam ito tungkol sa kanyang seguridad lalo't marami na sa mga cybora ang na-*raid* ng mga kapulisan. Ngunit, ipinaliwanag ko at ni Scarlet na magiging kompidensyal ang aming pag-uusap at wala siyang dapat na ikabahala. Nagsimula ang aming pag-uusap tungkol sa kaniyang karanasan sa loob ng paaralan, sa pagbabahagi ni Miggy, huminto siya sa pag-aaral dahil sa kawalan ng pagtanggap na kaniyang naranasan sa loob ng paaralan. *"Ayaw ko na pumasok sa paaralan dahil pinipilit nila akong pasuotin ng panglalaking uniform. Tapos, maraming nangungutya sa paaralan, nakakawala ng gana."* Kung titingnan, isa lamang si Miggy sa napakaraming trans Pinay na nakararanas ng pang-aabuso at diskriminasyon sa loob ng mga paaralan – institusyong dapat sana ay pumuprotekta sa kanila (Alegre, 2018). Dagdag ang rasong ito sa katotohanang hindi naman aksesible para sa lahat ang edukasyon sa Pilipinas. Nananatili itong prebelihiyo ng iilan kahit na mayroong programa ang gobyerno tulad ng libreng *tuition* sa kolehiyo. Pagpapatuloy ni Miggy, naranasan niya na ipinahiya ng isang guro dahil lamang nagsuot siya ng pambabaeng uniporme. Hindi rin siya pinapapasok ng mga guwardiya dahil mahaba ang kanyang buhok, pinapabura ang kanyang *make-up*, at minsa'y pinagsasabihan na magsuot ng *chest binder* upang hindi makita ang kanyang suso. Para sa kanya, hindi niya naramdaman ang pagtanggap at pagrespeto sa kanyang kasarian at seksuwalidad sa loob ng paaralan. Dahilan ito upang huminto siya sa pag-aaral. Malaki ang epekto ng karanasang ito sa kanya, para kay Miggy, ito ang naging dahilan kung bakit siya nawalan ng gana at tumigil sa pag-aaral.

Alam ng mga trans Pinay na kagaya nina Maxine, Miggy, at mga kaibigan ni Scarlet ang kahalagahan ng

edukasyon. Maliwanag sa kanila na mahihirapan silang makahanap ng trabaho kung hindi sila nakapagtapos, lalo na dahil sa kanilang kasarian at seksuwalidad. Ngunit, hindi nasisikmura ng ilang mga trans Pinay kagaya ni Miggy ang pang-aabuso sa loob ng mga institusyong dapat ay humuhubog sa kaniyang kinabukasan. Para kay Miggy, mas mahalaga ang mabuhay ng malaya kesa magkubli sa loob ng mga paaralan. Ang pag-alis ni Miggy sa paaralan ang nagtulak sa kanyang pasukin ang kalakaran ng prostitusyon. Ang cybora ang espasyong tumanggap kay Miggy ng walang panghuhusga. Aniya, sa cybora niya mas minahal ang sarili, sa loob ng cybora mas "babaihan" mas maraming kita at malaya siyang ipahayag ang kaniyang pagiging babae at pagkababae. Mahalaga ito para kay Miggy dahil hindi na niya kailangang matakot na ipagpatuloy ang kaniyang pag-*transition,* sa katunayan, nagiging dahilan pa ang cybora upang maging maingat at siya sa proseso ng pag-*transition* at sa mga *hormones* na kaniyang ginagamit. Maraming mga trans Pinay ang mayroong kaparehong kuwento, ayon kay Scarlet, ang pagpasok sa cybora ang isa sa pinakamadaling paraan upang kumita ang mga trans Pinay na huminto sa pag-aaral at walang ibang mapapasukang trabaho. Hindi kailangang nakapagtapos ang mga papasok sa cybora, aniya, *"Basta kayang lumaban, go na!"*

Sa mga pagbabahagi nina Maxine, Miggy, at Scarlet, makikita natin kung paano nila tinitingnan ang cybora bilang isang espasyo ng pagtanggap. Dahil naranasan ng mga trans Pinay na tulad nila kung paano hindi tanggapin sa mga espasyo ng lipunan, nagiging dahilan ito upang pumasok sila sa mga espasyong tulad ng cybora na nangangako ng pagtanggap. Hindi lamang pera ang ibinibigay ng cybora, nagiging kanlungan din ito ng mga trans Pinay. Bilang ilegal sa mata ng batas ang cybora, ito ang nagiging dahilan kung bakit hindi rin bukas ang ilang mga trans Pinay na pag-usapan ito, pinuprotektahan nila ang kanilang espasyo. Halimbawa nito ang agam-agam ni Miggy na maging kalahok ng pananaliksik at ang paggamit din nila mismo ng neologismo sa pagtawag sa espasyo. Ang mga salik na ito ang nakakaapekto sa kung paano nabubuhay ang mga trans Pinay sa loob ng cybora. Dahil para sa kanila ay tanggap sila sa cybora, malaya nilang naipapakita

ang kanilang mga sarili, na hindi na nila kailangan pang magpanggap at magkubli. Mayroon mang masasabing pagtanggap para sa mga trans Pinay sa espasyo ng cybora hindi naman mawawala ang abuso sa loob nito.

## Ang Cybora bilang Espasyo ng Abuso

*"Gustong-gusto nila na makita ang aking ari. Iyan talaga ang una nilang tinatanong sa chat, kung may ari pa ba raw ako o operada na ako. Kung gusto nila, pinapa-jakol nila ako, mas malaki ang bayad nila kapag ganoon. Sabi ng mga kakilala ko, mas gusto raw ng mga foreigner yung trans na may ari. Hindi rin namin alam kung bakit."*
*– Maxine*

*"Naprepressure ako na maging plakado talaga. Kaya minsan maraming pills ang iniinom ko, may kasabay pang tinuturok."*
*– Miggy*

Habang lumalalim ang pakikipag-usap ko kina Maxine at Miggy, hindi na lamang kuwento ng pagtanggap ang nagiging tuon ng kanilang mga pagbabahagi. Unti-unting nawawala ang paksa tungkol sa pera at mga "kaginhawaan" na dala ng cybora. Naging tuon ng aming mga panayam sa kalaunan ang mga kuwento nila tungkol sa hirap na dinanas sa loob ng kalakaran. Hindi mawala sa aking isipan kung paano pinigil ni Maxine ang kanyang luha habang ibinabahagi kung bakit niya naisipang pumasok sa cybora at kung bakit niya tinitiis na manatili rito sa kabila ng mga karanasan ng abuso sa loob ng kalakaran.

Kahirapan ang isa sa mga rason kung bakit marami sa mga trans Pinay ang pumapasok sa kalakaran ng cybora. Marami sa kanila ang nais na kumita ng malaking pera upang matustusan ang pang-araw-araw na buhay at upang makatulong sa pamilya. Sa katunayan, hindi bago ang ganitong rason kung bakit marami ang nasa kalakaran ng prostitusyon, sa pag-aaral nina Cruz at Sajo (2015) sa buhay ng mga nagtratrabaho sa mga cybora (tinawag na *cybersex* sa kanilang papel) sa siyudad ng Angeles at Olongapo sa hilagang bahagi ng Pilipinas, sinasabi nila na tinitingnan bilang paraan upang makaahon sa kahirapan ang pagpasok sa mga cybora dahil sa laki ng kitang naibibigay ng mga ito. Ang pagnanais na ito na

makaahon sa kahirapan ang naglalagay sa mga trans Pinay sa isang bulnerableng sitwasyon, nagagamit ito upang sila ay abusuhin.

Sa pagbabahagi ni Maxine, kumikita siya ng hindi bababa sa 40,000 pesos kada buwan sa loob ng cybora. Malaking tulong ito sa kanya at sa pamilyang kanyang tinutustusan. Dahil dito, hindi niya alintana ang pang-aabusong kaniyang nararanasan sa loob ng kalakaran, sa halip itinuturing niya ang mga ito bilang hamon na dala ng kanyang pagsusumikap. Isa sa mga pang-aabusong naranasan at nararanasan ni Maxine sa loob ng cybora ay ang tinatawag na *fetishization*. Sa pag-aaral nina Ussher et. al. (2020) tungkol sa seksuwal na karahasan at karanasan ng mga babaeng trans *of color*, pinapakahulugan nila ang *fetishization* bilang pagpipinta sa mga babaeng trans bilang mga indibidwal na hindi sila – ginagawang mga seksuwal na bagay at pinagpapantasyahan. Dagdag pa, hindi lamang ang pisikal na katawan ng mga babaeng trans ang nagiging tuon ng *fetishization* kung hindi maging ang kanilang kasarian at seksuwalidad. Sa usapin ng mga babaeng trans sa prostitusyon, madalas nila itong maranasan dahil sa pag-iisip ng kanilang mga kustomer na sila ay kanilang pagmamay-ari. Dahil tinumbasan ng pera ng mga ito ang kanilang serbisyo, inaangkin pati ang kanilang mga katawan (Ussher et al., 2020). Bunga ng tinatawag ni Galen Mitchell (2017) na *cisgender gaze* ang karanasang ito. Ayon kay Mitchell, ang *cisgender gaze* ay ang "paraan ng pagprepresenta sa mundo at sa mga trans bilang mga bagay na umiiral lamang upang siyasatin at bilang katuwaan ng mga *cisgender* na indibidwal". Ang kuryusidad ng mga kustomer ni Maxine sa cybora sa kanyang katawan at kasarian ang patunay rito. Pagbabahagi ni Maxine, madalas na pinapahawakan ng kanyang mga kustomer ang kanyang ari sa tuwing mayroon siyang show sa cybora, *"Minsan may pinapagawa ang mga customer na hindi ko talaga gusto…gusto nilang tingnan ang mga ari namin."* Sa mga pagkakataong ito lumalaki man ang kanyang kita, dama at malay si Maxine sa pang-aabuso sa kanyang katauhan at katawan.

Bilang isang trans Pinay, hindi madali para kay Maxine na hawakan ang bahagi ng kanyang katawan na nagpapaalala

sa kanya sa pagkataong pilit niyang kinakalimutan. Bahagi ang kanyang ari ng kanyang "pagkalalaki". Ngunit, wala siyang ibang pagpipilian, kung hindi niya gagawin ang bagay na ito pagkain sa kanilang mesa ang kapalit. Para rin sa kanya, wala siyang karapatang magsabi sa kung ano ang ayaw niyang gawin lalo't siya ang nangangailangan ng pera at dahil na rin sa uri ng kanyang trabaho. Ang pakiramdam na ito ni Maxine na pangmamaliit sa kanyang sarili dahil sa espasyong kanyang ginagalawan ay ang tinatawag ni Tiffany Tempest (2019) na *whorephobia* partikular ang *internalized whorephobia*. Madalas na maramdaman ng mga indibidwal na nasa kalakaran ng prostitusyon ang pakiramdam na ito. Minamaliit nila ang kanilang kakayahan at antas sa buhay dahil sa kanilang trabaho. Nagbubunga ito sa kanilang pakiramdam ng kawalan ng pag-asa, panghihina ng kalooban, at pakiramdam ng kawalang kakayahang magbago. Ang *internalized whorephobia* rin ang nagtutulak sa mga kagaya ni Maxine na tanggapin na lamang ang mga pang-aabuso at diskriminasyon na kanilang hinaharap dahil sa tingin na nararapat lamang ito sa kanila (Tempest, 2019).

Isang halimbawa rin ng *whorephobia* ang naranasan at nararanasan ng mga kaibigan ni Scarlet. Ang hindi pantay na hatian sa kita sa pagitan ng may-ari ng cybora at mga *talent* nito ang patunay sa kung anong pangmamaliit ang dinaranas ng mga trans Pinay na nasa kalakaran. Ayon kay Scarlet, halos tatlumpung porsyento o kung minsan higit pa ang kinakaltas ng mga may-ari ng cybora sa kinikita ng mga trans Pinay. Hindi magawang magreklamo ng kanyang mga kaibigan dahil sa takot na hindi na sila pabalikin pa sa mga cybora at mawalan ng pinagkakakitaan. Para rin sa mga kaibigan ni Scarlet, wala silang karapatang magreklamo sa ganitong pang-aabuso dahil madali lamang silang palitan kung nanaisin ng kanilang mga "*madam*" (may-ari ng cybora). Dagdag ni Scarlet, may mga kaibigan siya na tinitingnan ang ginagawa ng mga "*madam*" bilang kabayaran sa mga naitulong ng mga ito sa kanila.

Hindi katulad ng *cybersex prostitution* sa Kanluran (Vartabedian, 2019), madalas na hindi indibidwal na kalakaran ang cybora sa Pilipinas (Cruz at Sajo, 2015). Dahil mahal ang

mga kagamitang kinakailangan upang makapagsimula sa gawaing ito, mayroong mga "*madam*" na namamahala sa mga cybora na pinapasukan ng mga trans Pinay. Ang mga ito ang nagmamay-ari ng mga *computer*, *internet connection*, at iba pang mga kagamitan para sa cybora, nagiging paraan ito ng mga "*madam*" upang hawakan sa leeg ang mga trans Pinay na nasa loob ng kalakaran. Dahil dito, nagnanais ang ilang mga trans Pinay tulad ni Miggy na makaipon ng pera upang magtayo ng kaniyang sariling den, para sa kanya, ito lamang ang pagkakataon upang mas lumaki ang kaniyang kita at makaipon para sa pamilya.

Ang karanasan na ito ni Maxine, Miggy, at mga kaibigan ni Scarlet ay bunga ng isang lipunang tinitingnan ang kalakaran ng prostitusyon bilang isang krimen (Parmanand, 2019). Dahil kriminal ang turing ng estado sa mga indibidwal na nasa prostitusyon, walang mga batas na pumuprotekta sa kanila laban sa pang-aabuso. Dahilan ito upang maging biktima sila ng hindi patas na hatian sa kita, diskriminasyon, at hindi makataong sitwasyon ng trabaho (Parmanand, 2021). Dagdag pa rito ang kawalan din ng mga batas na pumuprotekta sa karapatan ng mga trans Pinay sa Pilipinas (Cruz, Saballe, at Alegre, 2015). Bagaman at may mga ordinansa ang iilang lungsod na naglalayong labanan ang diskriminasyon sa mga LGBTQIA+, hindi naipapatupad ng maayos ang mga ito. O kung mayroon man, hindi rin saklaw ang danas ng mga trans Pinay na nasa kalakaran ng prostitusyon (Cruz, Saballe, at Alegre, 2015). Halimbawa ng mga ordinansang ito ang *Davao City Ordinance No. 0412-12, Series of 2012* o ang *Anti-Discrimination Ordinance of Davao City*. Bagaman at matagal na ang ordinansang ito sa siyudad ng Davao, hindi pa rin ito nagagamit upang protektahan ang mga trans Pinay laban sa diskriminasyon at pang-aabuso.

Bukod dito, nararamdaman din ng mga trans Pinay sa loob ng cybora ang pangangailangan na maging kaakit-akit at maging "babaihan." Sa pagbabahagi ni Maxine, mas malaki ang kita sa loob ng cybora kung malaki ang iyong suso. Sa kanyang sitwasyon, mapalad siya dahil sumailalim siya sa *breast augmentation surgery* bago pa man siya pumasok sa kalakaran.

Hindi ganito ang karanasan ng mga kaibigan ni Scarlet, marami sa kanila ang umaasa lamang sa pag-inom ng *pills* o *hormone replacement therapy* upang lumaki ang kanilang mga suso dahil mahal din ang proseso ng *breast augmentation* sa Pilipinas, umaabot ito ng humigit kumulang 100,000 libong piso. Pagbabahagi ni Scarlet, kung maliit ang suso mo sa kalakaran ng cybora hindi maiiwasan na pagtawanan ka at laiitin ng iyong mga kasamahan, lalo't para sa mga trans Pinay ang pagkakaroon ng suso ay katumbas ng pagiging babae, mas malaking suso mas nagmumukhang babae. Ang masalimuot na sitwasyong ito sa loob ng cybora ang nais takasan ni Miggy, *"Minsan napapagod na rin akong uminom ng pills para lang lumaki ang suso, gusto ko na talagang magpa-opera, yung may puki na talaga. Kaso hindi yan pwede rito, dahil kung may puki ka na, hindi ka na magugustuhan ng mga kustomer."* Sa loob ng kalakaran ng cybora, bagaman at sinasabi na tinatanggap ang mga trans Pinay at ang kanilang pagkababae pinipigilan din ng kalakaran ang kanilang pagsailalim sa mga operasyong tulad ng *gender affirming surgery* sa kadahilanang mawawala ang pantasya ng kanilang kustomer, at ang pagkawala ng mga ito ay pagkawala rin ng kanilang kita.

Sa espasyo ng cybora, nararanasan ng mga trans Pinay ang abuso dahil sa buhol-buhol na koneksiyon at interseksiyon na dala ng kanilang kasarian, kahirapan, at kawalan ng oportunidad. Sa loob ng cybora, nagkakaroon ng marhinalisasyon dahil sa pagiging trans ng mga trans Pinay, tinitingnan sila bilang mas mababang uri at sinisiyasat ang kanilang pagkatao. Ang pagtingin sa kanila bilang mga "nagkukunwaring babae" ang nagiging dahilan kung bakit umuusbong ang mga pang-aabusong ito. Nagkakaroon ng pagkakataon ang kanilang mga kustomer na kuwestiyonin ang kanilang kasarian at pagkatao (Wolfe, 2018). Bukod dito, ang kanilang kahirapan ang mas nagpabigat sa kanilang nararanasang abuso. Nagiging daan ang kahirapang ito upang hawakan sila sa leeg at tanggapin na lamang ang kanilang danas. Ang hindi nila pagpalag sa mga pang-aabuso ay dulot ng kanilang takot na mawalan ng trabaho. Kung titingnan, mahalagang salik ang danas ng abuso ng mga trans Pinay sa cybora sa kanilang pangkalahatang pagbibigay malay sa

espasyong ito. Dahil tinitingnan nila bilang nagbibigay ng tulong ang cybora, tinitiis nila ang mga pang-aabuso sa loob nito. Nakatutulong ang pagtitiis nilang ito upang manatili ang operasyon ng cybora kahit na ilegal ito sa mata ng batas. Gayunpaman, pinipili pa rin nilang mabuhay at magtiis sa loob ng espasyo dahil sa kawalan ng oportunidad.

## Ang Cybora bilang Buhay

Sa huling panayam ko kay Maxine, tinanong ko siya kung bakit hanggang ngayon ay nagpapatuloy pa rin siya sa loob ng cybora sa gitna ng mga abusong kaniyang naranasan at patuloy na nararanasan. Malaman ang kaniyang naging sagot, "kinabuhi naman ni namo" (buhay na namin ito). Dama ko kung saan niya hinugot ang kaniyang sagot, sa loob ng pabalik-balik kung pakikipag-usap sa kaniya at kay Miggy, naintindihan ko kung bakit nila pinili na mabuhay sa loob ng espasyong ito.

Sa Pilipinas lalo na sa mga batas nito, tinitingnan bilang mga kriminal o kung hindi kaya ay mga biktima ang mga indibidwal na nasa kalakaran ng prostitusyon, ito man ay sa tradisyonal na porma nito o sa cybora (Paramanand, 2019). Para sa mga trans Pinay na nasa loob ng cybora, hindi sila mga biktima at lalong hindi sila mga kriminal, nais lamang nilang mabuhay. Kung sina Maxine at Miggy ang tatanungin, isang "*pangkabuhayan showcase*" sa kanila ang cybora, ang espasyong ito ang nagbibigay sa kanila ng pagkakataon upang matulungan ang kanilang mga sarili at pamilya. Kaya, para sa kanila tinutulungan sila ng cybora na kumita ng perang pantustos sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Bilang isang lugar ng pagkakakitaan, itinuturing nila ang espasyo ng cybora bilang buhay. Para sa mga trans Pinay hindi nila lubos maisip kung saan sila pupunta kung wala ang kalakarang ito. "Wala kaming ibang mapupuntahan kung mawawala itong kalakaran" pagbabahagi ni Maxine. Dagdag pa, nakatutulong ang kanilang kinikita sa loob ng cybora sa kanilang ligtas na pag-*transition*. Nabibili nila ang ligtas na mga *hormones* at nakakapunta sa mga doktor kung mayroong

nararamdaman, malaking tulong din ang cybora sa kanilang pag-iipon para sa gusto nilang mga operasyon. Pagbabahagi ni Miggy, “Kung wala ang kalakaran [cybora], mukhang tiyuhin ako ngayon.” Sa madaling sabi, nakakatulong ang cybora sa buhay ng mga trans Pinay lalo na sa isang lipunang kulang o halos walang opurtunidad para sa kanila.

Ang mga pagbabahaging ito ang dahilan kung bakit hindi tamang basta na lamang ikumpol bilang mga biktima ang mga indibidwal na nasa kalakaran ng prostitusyon. Marami sa kanila ang nakahahanap ng pagtanggap at lakas sa loob ng mga ito. Bagaman at malay ang mga trans Pinay na nasa loob ng cybora na mayroong pang-aabuso rito, katotohanan naman ito sa kahit ano mang trabaho. Ang danas ng pagtanggap at abuso ng mga trans Pinay sa loob ng cybora ang humuhubog sa kanilang pagharaya sa espasyong ito. Ang kanilang sala-salabit at buhol-buhol na danas ang humuhulma sa cybora bilang kanilang espasyong ginagalawan. Ang mga danas na ito ang lumilikha ng kahulugan sa isang espasyong parehong tumatanggap at umaabuso sa mga katulad nila. Hindi lamang isang espasyo ng pagtanggap at abuso para sa mga trans Pinay na nasa loob ng prostitusyon ang cybora. Ito ay bahagi ng kanilang buhay. Sabihin man ng batas na ilegal ang gawaing ito, hindi ang batas ang magdidikta ng kanilang mga katotohanan, ito ang kanilang ikinabubuhay. Sa loob nito nila nararamdaman na mahalaga sila at dito rin nila nagagampanan ang papel nila sa kanilang sarili at pamilya. Muli kong binalikan ang aming pag-uusap ni Scarlet sa loob ng *taxi* noong tinanong ko siya kung bakit maraming mga mag-aaral at mananaliksik ang interesado sa buhay ng mga kaibigan niyang trans Pinay. At napagtanto ko na hindi dalawang bagay ang pagiging trans Pinay at cybora para sa mga kaibigan niya. May koneksyon ang mga ito – iisa. Ito ang kanilang buhay.

## Konklusyon

Sa pagtalakay sa cybora bilang espasyo ng mga trans Pinay, mahihinuha natin ang isang kritisismo sa pagdalumat ni Henri Lefebvre (1991) tungkol sa espasyo. Kung para kay Lefebvre ay

pantay ang *spatial triad* (*perceived space, conceived space,* at *lived space*) at nagtutulungan ang mga ito upang lumikha ng isang pagpapakahulugan sa espasyo, hindi ganito ang pagtingin ng mga trans Pinay. Para sa kanila, mas mahalaga kung paano nila ginagamit at kung paano sila kumikilos at namumuhay sa loob ng mga espasyo. Mayroon mang epekto ang pagtingin ng lipunan at ng batas sa cybora sa kung paano kumikilos ang mga trans Pinay sa loob nito, napapangibabawan ito ng kanilang pagnanais na mabuhay sa espasyo sa paraang nakatutulong sa kanila. Mangangahas akong sabihin na lumilikha ang mga trans Pinay sa cybora ng tatawagin nating "espasyong trans." Isang espasyong hinubog ayon sa pangangailangan na bunga rin ng kawalan ng oportunidad sa lipunan, isang espasyong binawi bagama't malay sa imperpeksyon nito. Isang espasyong binabago at nagbabago.

Katulad ng sinabi ko sa simula nitong papel, hindi nito nilalayong bigyan ng pangkalahatang pagtalakay ang danas ng mga trans Pinay na nasa loob ng kalakaran ng prostitusyon. Maaaring hindi sapat ang datos na nakalap ko kina Maxine, Miggy, at sa mga pagbabahagi ni Scarlet upang bigyan ng isang teoritikal na dulog ang danas ng ibang mga trans Pinay na nasa kaparehong kalakaran. Ngunit, alam ko na ang mga datos ng pag-aaral na ito ay sapat na upang kahit papaano ay bigyang mukha ang danas ng mga trans Pinay sa Davao at iba pang mga trans Pinay sa Pilipinas na hindi nabibigyan ng pansin sa bulwagan ng akademya. Walang ambisyon ang papel na ito na suriin ang imahen at katawan ng mga trans Pinay, ang nais ng papel ay bigyan ng pagkakataong maibahagi ng mga trans Pinay tulad nina Maxine, Miggy, at mga kaibigan ni Scarlet ang kanilang mga istorya, mga istoryang palagi nating naririnig ngunit hindi naiintindihan ang pinagmumulan.

Sala-salabat ang diskriminasyong hinarap at hinaharap ng mga trans Pinay na kalahok sa pag-aaral na ito. Ang diskriminasyong naranasan at nararanasan nina Maxine, Miggy, at mga kaibigan ni Scarlet ay hindi lamang dahil sa kanilang kasarian at seksuwalidad, ito ay dahil din sa kanilang uri, at antas ng edukasyong nakamit. Ang mga diskriminasyong ito ang dahilan kung bakit patuloy silang nalulugmok sa

laylayan. Ang mga diskriminasyon ding ito ang dahilan kung bakit nila pinipiling pumasok sa mga trabahong tulad ng cybora. Hindi tao ang pumilit sa kanilang pasukin ang kalakarang ito kung hindi ang kawalan ng oportunidad. Hindi sila mga kriminal o biktima, may malay nilang pinasok ang kalakaran. Ang cybora ay kanilang buhay, ang danas ng abuso at pagtanggap ang humuhubog sa kung paano binabagtas ng mga trans Pinay ang cybora bilang espasyo. Dito nila hinaharaya ang kanilang mga pagkatao at buhay.

Maraming mga kuwentong kagaya ng mga trans Pinay na nasa cybora ang hindi nabibigyang pansin. Mga kuwentong naghihintay lamang na mahanap upang mailahad sa nakararami. Ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangka na kahit papaano ay maimapa ang mga kuwento ng trans-Pinay—na, sa likod ng mga tabing na kanilang itinuturing na buhay, nakakubli ang kanilang mga katotohanan.

## Mga Sanggunian

Alegre, B. R. (2018). From bakla to transPinay: Transgender students in Philippine schools. In K. J. Kennedy and J. C. K. Lee (Eds.), *Routledge international handbook of schools and schooling in Asia* (pp. 864-871). Routledge.

Chib, A., H. Nguyen, and D. Lin. (2021). Provocation as agentic practice: Gender performativity in online strategies of transgender sex workers. *Journal of Computer-Mediated Communication*, *26*(2), 55-71.

Cruz, C. J., C. Saballe, B. Alegre. 2015. The social experience of trans people in the Philippines. In J. S. Hutta and C. Balzer (Eds.), *Transrespect versus Transphobia: The social experiences of trans and gender-diverse people in Columbia, India, the Philippines, Serbia, Thailand, Tonga, Turkey and Venezuela*, (pp. 36-44). Transrespect versus Transphobia Worldwide.

Cruz, E. M., and T. J. Sajo. (2015). Exploring the cybersex phenomenon in the Philippines. *The Electronic Journal of Information Systems in Developing Countries*, *69*(1), 1-21.

Daneback, K., A. Cooper, and S. A. Månsson. (2005). An Internet study of cybersex participants. *Archives of sexual behavior*, *34*, 321-328.

David, E. (2015). Purple-collar labor: Transgender workers and queer value at global call centers in the Philippines. *Gender & society*, *29*(2), 169-194.

Donalek, Julie. 2004. "Choosing among qualitative traditions." *Urologic Nursing* 24, no. 5: 409-410.

Fletcher, T. (2013). "Trans sex workers: Negotiating sex, gender, and non-normative desire." In E. Van der Meulen, E. M. Durisin, V. Love (Eds.), *Selling Sex: Experience, Advocacy, and Research on Sex Work in Canada*. (pp. 65-73). ubc Press.

Frial, Z. (2018). *Transgender, Transnational, TransPinay: Jennifer Laude and Trans Necropolitics in the Philippines* [Unpublished dissertation]. Georgetown University.

Laxamana, K. C. (2021). *Trans-Form-Asians: The Liminal and Disrupted Lives of Singaporean and Balinese Transwomen Sex Workers* [Unpublished master's thesis]. University of Alberta.

Lefebvre, H. (1991). *The production of space*. (D. Nicholson-Smith, Trans.). Blackwell Publishers Limited.

Lyons, T., A. Krüsi, L. Pierre, T. Kerr, W. Small, and K. Shannon. (2017). Negotiating violence in the context of transphobia and criminalization: The experiences of trans sex workers in Vancouver, Canada. *Qualitative health research*, *27*(2), 182-190.

Mitchell, G. (2017). The cis gaze: How, trans people are viewed through cis expectation. *TransSubstantiation*.

Nuttbrock, L. (2018). Introduction: Toward a Better Understanding of Transgender Sex Work. In L. Nuttbrock (Eds.), *Transgender sex work and society*. Columbia University Press.

O'Neill, M., and R. Campbell. (2010). Desistence from Sex Work: Feminist Cultural Criminology and Intersectionality—The Complexities of Moving In and Out of Sex Work. *Theorizing intersectionality and sexuality*, 163-189.

Parmanand, S. (2019). The Philippine sex workers collective: Struggling to be heard, not saved. *Anti-trafficking review*, (12), 57-73.

Parmanand, S. (2021). Salvation as violence: anti-trafficking and the rehabilitation of rescued Filipino women into moral subjects. *Journal of International Women's Studies*, *22*(2), 78-91.

Project X. (2015). They Only Do This To Transgender Girls: Abuses of Transgender Sex Workers in Singapore. *The Allard K. Lowenstein International Human Rights Clinic*.

Roces, M. (2009). Prostitution, women's movements and the victim narrative in the Philippines. *Women's Studies International Forum*, 32(4), 270-280.

Tan, M. L. (2001). Survival through pluralism: Emerging gay communities in the Philippines. *Journal of Homosexuality*, *40*(3-4), 117-142.

Tempest, T. (2019). Relationship boundaries, abuse, and internalized whorephobia. *Sexual and Relationship Therapy*, *34*(3), 335-338.

United Nations Development Programme, US Agency for Economic Development. (2014). *Being LGBT in Asia: the Philippines country report*.

Ussher, J. M., A. Hawkey, J. Perz, P. Liamputtong, J. Sekar, B. Marjadi, V. Schmied, T. Dune, and E. Brook. (2022). Crossing boundaries and fetishization: Experiences of sexual violence for trans women of color. *Journal of interpersonal violence*, *37*(5-6).

Vartabedian, J. (2019). Bodies and desires on the internet: An approach to trans women sex workers' websites. *Sexualities*, *22*(1-2), 224-243.

Weitzer, R. (2005). New directions in research on prostitution. *Crime, Law and Social Change*, *43*, 211-235.

Winter, S., and M. King. (2011). Well and truly fucked: transwomen, stigma, sex work and sexual health in South to East Asia. In *Transgender: A reference handbook*. 139-164. Lexington Books.

Winter, S., S. Rogando-Sasot, and M. King. (2007). Transgendered women of the Philippines. *International Journal of Transgenderism*, *10*(2), 79-90.

Wolfe, B. M. (2018). The changing landscape of transgender sex work, pimping, and trafficking in Brazil. *Transgender Sex Work and Society*, 264-286.

Zoli, A., K. Johnson, G. Cingolani, and G. Pulcini. (2022). Towards action research with trans women sex workers: Policy, space and social challenges. *Journal of community psychology*, *50*(1), 161-175.

Si **MALAYA LAPIÑA** ay isang trans Pinay mula sa Mindanaw na may interes sa pananaliksik at pagsusulat sa danas at katotohanan ng mga kapwa niya trans. Siya ay nagtapos ng BS Anthropology sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanaw, kung saan din siya kasalukuyang nagtuturo sa ilalim ng Departamento ng Agham Panlipunan.

**Tala:**

*1. Ang papel na ito ay mula sa aking* undergraduate thesis *sa kursong BS Anthropology sa University of the Philippines Mindanao na may titulong: Mula Kalsada Hanggang Cybora: Naratibo at Danas ng mga Prostituted Trans Pinay sa Lungsod ng Davao sa Panahon ng Pandemya. Mayroong mga datos at bahagi ng kasalukuyang papel na ipinasa at nasa konsiderasyon ng ibang mga journal.*